Republic of the Philippines
Department of Education

# TALAHANAYAN NG ISPESIPIKASYON
Ikaapat na Panahunang Pagsusulit
## ARALING PANLIPUNAN III

| Mga Layunin | Bilang Ng Oras | Weight | Cognitive | | | | | | TOTAL |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | Easy (60%) | IP | MEDIUM (30% | IP | DIFFICULT (10%) | IP | |
| 1. Naiuugnay ang kapaligiran sa uri ng pamumuhay ng kinabibilangang lalawigan | 2 | 4% | 1 | 1 | | | | | 1 |
| 2. Naipapaliwanag ang iba't-ibang pakinabang pang ekonomiko ng mga likas yaman ng lalawigan at kinabibibilangang rehiyon | 3 | 7% | 2 | 2,3 | 1 | 4 | | | 3 |
| 3. Natatalakay ang pinanggalingan ng produkto ng kinabibilangang lalawigan | 2 | 4% | 1 | 5 | | | | | 1 |
| 4. Naiisa-isa ang mga produkto at kalakal na matatagpuan sa kinabibilangang rehiyon | 2 | 4% | 1 | 6 | | | | | 1 |
| 5. Naipapakita ang ugnayan ng kabuhayan ng mga lalawigan sa kinabibilangang rehiyon at sa ibang rehiyon | 4 | 9% | 2 | 7,8 | 1 | 9 | | | 3 |
| 6. Naiuugnay ang pakikipagkalakalan sa pagtugon ng mga pangangailangan ng sariling lalawigan at mga karatig sa lalawigan sa rehiyon at ng bansa. | 4 | 9% | 2 | 10,11 | 2 | 12,13 | 1 | 14 | 5 |
| 7. Natutukoy ang mga inprastrattura (mga daanan at palengke ) ng mga lalawigan at naipaliliwanag ang kahalagahan nito sa kabuhayan | 4 | 9% | 2 | 15,16 | 2 | 17,18 | 1 | 19 | 5 |
| 8Naipaliliwanag ang ibat-ibang aspeto ng ekonomiya (pangangailangan, produksyon, kalakal, inprastratura, atbp.) sa pamamagitan ng graphic organizer | 4 | 9% | 2 | 20,21 | 1 | 22 | | | 3 |
| 9. Natutukoy na ang rehiyon ay binubuo ng mga lalawigan na may sariling pamunuan. | 6 | 13% | 3 | 23,24 25 | 2 | 26,27 | 1 | 28 | 6 |
| 10.Natutukoy ang mga tungkulin at pananagutan ng mga namumuno sa mga lalawigan ng kinabibilangang rehiyon | 2 | 4% | 1 | 29 | | | | | 1 |
| 11. Natatalakay ang mga paraan ng pagpili ng pinuno ng mga lalawigan. | 3 | 7% | 2 | 30,31 | 1 | 32 | | | 3 |
| 12. Naipapaliwanag ang kahalagahan ng pagkakaroon ng pamahalaan sa bawat | 2 | 4% | 1 | 33 | | | | | 1 |

| | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| lalawigan sa kinabibilangang rehiyon. | | | | | | | | | |
| 13.Natutukoy ang ibat-ibang paraan sa pakikiisa sa mga proyekto ng pamahalaan ng mga lalawigan sa kinabibilangang rehiyon | 6 | 13% | 3 | 34,35 36 | 2 | 37,38 | 1 | 39 | 6 |
| 14. Nakalalahok sa mga gawaing nakatutulong sa pagkakaisa, kaayusan at kaunlaran ng sariling lalawigan at kinabibilangang rehiyon. | 1 | 2% | 1 | 40 | | | | | 1 |
| **TOTAL** | 45 | 100% | 24 | | 12 | | 4 | | 40 |

Inihanda ni:

Guro

Noted;

Principal II

**ARALING PANLIPUNAN III**
**Ikaapat na Panahunang Pagsusulit**

**Pangalan** ________________________________________ **Baitang at Pangkat** __________

1. Ang Rehiyong Bicol ay may malak na kapatagan kaya ang pangunahing industriya dito ay
A. agrikultura B. pagmimina C. pangingisda D. turismo
2.Ang Bicol ay mas kilala bilang tahanan ng pinakamalaking pating sa boung mundo na kung tawagin ay __________
A. sapsap B. sinarapan C. bangus D. Butanding
3. Sa Lawa ng Buhi naman matatagpuan ang ______, pinakamaliit na isda sa boung mudo.
A. sapsap B. sinarapan C. bangus D. Butanding
4. Bakit sa kabila ng malagim na trahedya na sinapit ng **Simbahan ng Cagsawa** ay patuloy pa rin itong dinarayo ng mga turista?
A. dahil nais nilang masilayan ang perpektong hugis ng Bulkang Mayon
B. dahil mura lang ang gastusin kumpara sa ibang tanawin sa boung mundo
C. dahil madaling kausap ang mga tao sa wikang Ingles.
D. dahil gusto nilang magtago sa ating bansa.
5 Ang Camarines Norte ay pinanggagalingan ng mga produktong ito **MALIBAN**sa isa.
A. pinyang Formosa C. mga lahas na ginto
B. niyog D. beef tapa
6. Ang lalawigang ito ang pinagkukunan ng malaking suplay ng bigas.
A. Albay B. Masbate C. Sorsogon D. Camarines Sur
7. Ang lalawigang ito ay a liko-liko ang mga baybayin kung kayat mainam sa pangingisda o paglalayag.
A. Albay B. Camarines Sur C. Camarines Norte D. Sorsogon
8. Ang _______ang pangunahing tagapagmina ng ginto at tanso.
A. Camarines Norte C. Albay
B. Camarines Sur D. Masbate
9. Ang ________________ ay parehong pulo na nakaharap sa Karagatang Pasipiko.
A. Camarines Norte at Camarines Sur C. Albay at Sorsogon
B. Catanduanes at Masbate D. Albay at Masbate
10. Kung hindi sapat ang suplay ng karne at isda, aling lalawigan ang maaaring kunan ng suplay?
A. Sorsogon at Catanduanes C. Masbate at Albay
B. Albay at Catanduanes D. Camarines Sur at Camarines Norte
11. Ang pagkukulang sa karneng manok at baka ay matutugunan ng lalawigan ng _______.
A. Albay C. Camarines Norte
B. Masbate D. Sorsogon
12. Ano ang magiging epekto kung ang pangangailangan ng mga tao sa rehiyon ay hindi matutugunan?
A. ang bawat lalawigan ay magkakanya-kanya kung kayat bababa ang kalidad ng ekonomiya
B. Madali ang pag-unlad ng bawat lalawigan
C. Magkakasundo ang bawat lalawigan
D. Tataas ang antas ng ekonomiya
13. Ano ang maaaring gawin sa sobrang produksiyon ng abaka at pili sa ating rehiyon?
A. Maaaring ipagbili sa karatig rehiyon
B. Itago na lamang para sa darating na pangangailangan
C. Ipamigay na lamang para maubos na
D. Hayaan na lamang
14. Nagkaroon ng bagyo. Nasalanata ang mga pananim. Nagkulang ang suplay ng gulay. Ano ang dapat gawin?
A. Dapat bumili ng suplay ng gulay sa ibang lugar tulad ng Baguio.
B. Magtanim na lamang
C. Manghingi sa kamg anak sa ibang lugar

D. Huwag nang kumain ng gulay.

15. Ang _______ ay tren na mabilis na bumibyahe mula Maynila hanggang Bicol.
A. LRT B. MRT C. Bicol Express D. DLTB

16. Ang _______ ay angsilbing daungan para sa mga manlalakbay mula sa Bisaya at Mindanao.
A. RORO Port B. Mercedes Port C. Manila Port D. Panganiban Port

17. Kung ikaw ay papupuntahin sa main airport, saan ka tutungo?
A. Legazpi Airport B. Bagsabas Airport C. Naga Airport
D. Masbate Airpot

18. Alin sa mga sumusunod ang nakapagpapadali ng transportasyon at pagbyahe ng mga produkto ngating rehiyon?
A. konkretong daan C. lubak-lubak na daan
B. ulan D, baha

19. Alin ang hindi nagpapakita ng kahalagahan ng imprastratura sa mga lalawigan?
A. Napapadali ang transportasyon at pagbyahe ng mga produkto dahil sa mga konkretong daan.
B. ang pag-usad ng teknolohiya ay nakapagpapadali ng mga transaksyon sa internet ng mga negosyante.
C. Ang mga de kalidad na barko ay nakapagbibigay ng seguridad sa kaligtasan ng mga nagbibyahe sa karagatan.
D. Nagdudulot ng pinsala sa mga tao sa pamumuhay.

20. Ang ________ ay halimbawa ng pangangailangan.
A.pagkain C. magagandang damit
B. sasakyan D. laruan

21. Ito ay mga halimbawa ng imprastratura MALIBAN sa isa.
A. konkretong daan C. mga daungan
B. mga paliparan D. malawak na palayan

22. Alin ang pahayag na totoo?
A. May mga aspeto na dapat isaalang alang sa pagpapaunlad ng ating ekonomiya.
B. Ang ekonomiya ng ating rehiyon ay laging maunlad
C. Ang ekonomiya ng rehiyong Bicol ay hindi naaapektuhan ng mga kalamidad
D. Sadyang napakataas ng antas ng ekonomiya ng ating rehiyon

23. Siya ang gobernador ng lalawigan ng Camarines Norte.
A. Edgardo A. Tallado C.Araceli B. Wong
B. Raul R.Lee D. Miguel; Luis R. Villafuerte

24Siya ang gobernador ng lalawigan ng Camarines Sur.
A. Edgardo A. Tallado C.Araceli B. Wong
B. Raul R.Lee D. Miguel; Luis R. Villafuerte

25.Siya ang gobernador ng lalawigan ng Sorsogon.
A. Edgardo A. Tallado C.Araceli B. Wong
B. Raul R.Lee D. Miguel; Luis R. Villafuerte

26. Kanino ka pupunta kung ang nais mong makapanayam ay ang pinakamataas na pinuno ng lalawigan?
A. alkalde B. gobernador C. kapitan D. kongresman

27. Nagkataon na pumunta ka sa Lungsod ng Naga, at nakita mo ang namumuno sa lungsod. Sino ang nakita mo?
A. alkalde B. gobernador C. kapitan D. kongresman

28. Nararapat ba na may mga namumuno sa ating lalawigan?
A. Oo, nararapat na may namumuno upang magkaroon ng maayos na pamamalakad ang pamahalaan.
B. Oo, nararapat na may namumuno upang may tagasalo ng mga problema sa pamayanan.
C. Oo, nararapat na may namumuno upang may sisihin ang pamahalaan sa mga suliraning haharapin.
D. Hindi nararapat dahil dagdag gastusin pa ng pamahalaan ang ibinabayad sa kanilang suweldo.

29. Ito ay isa sa mga tungkulin ng mga namumuno sa ating pamahalaan.

A. Ang mga namumuno sapamahalaan ang nagbibigay ng mga paglilingkod para sa ikabubuti ng mga mamamayan.
B. Mabilis ang pag-asenso ng lalawigan kung walang pamahalaan.
C. Hindi na kinakailangan ng mga namumuno sa bayan dahil nagtutulungan naman ang mga mamamayan
D. Ang pagkakaroon ng lokal na pamahalaan ay hindi nakatutulong para sa pambansang kaunlaran.

30. Ang kakandidato upang mamuno ay dapat na mahigit pa sa __________siyang nakatira kung saan nais niyang magpahalal.
A. 6 na taon B. 6 na buwan C. 6 na araw D. 6 na oras

31. Ang kakandidato ay dapat na ________taong gulang.
A. 21 B. 12 C. 25 D. 18

32. Kung ikaw ay kandidato, ilang araw kang dapat mangampaya?
A. 35 B. B. 25 C. 45 D. 55

33. Isa sa mga nakapaloob sa**Libreng Edukasyon**
A. Pagpapatayo ng mga paaralan at pagbibigay ng iskolarship
B. Libreng bakuna para sa mga sanggol.
C. Pag-aayos ng mga sirang kasangkapan ng mga teknisyan.
D. Pagpapautang ng puhunan upang makapagpatayo ng maliit na negosyo.

34. Hinihikayat ang bawat isang kasapi na makilahok sa pagtatanim ng mga punla upang muling maging masukal ang kagubatan.
A. Reforestation Program C. Medical Mission
B. Clean and Green Project D. Youth Welfare Program

35. Layon ng programa na pangalagaan ang kapakanan ng mga kabataan kagaya ng proteksyon sa karahasan.
A. Reforestation Program C. Medical Mission
B. Clean and Green Project D. Youth Welfare Program

36. Hinihiling ang mga mamamayan na lumahok sa paaralan upang maglinis at magkumpuni ng mga kasangkapan.
A. Reforestation Program C. Medical Mission
B. Clean and Green Project D. Youth Welfare Program

37. Nais mong mag-aral sa kolehiyo subalit hindi ka kayang tustusan ng iyong mga magulang sa pag-aaral. Matataas naman ang iyong mga marka. Anong gagawin mo?
A. Mag-aaplay sa Scholarship Program C. Sasama saMedical Mission
B. Pupunta sa Brigada Eskwela D.Susuportahan ang Reforestation Program

38. Nagkaroon ng kampanya sa paglilinis ng paligid sa inyong barangay. Anong proyekto ng pamahalaan ang iyong pinakiisahan?
A. Clean and Green Project C. Youth Welfare Program
B. Reforestation Program D. Scholarship Program

39. Kung ang mga proyekto ng pamahalaan ay matagumpay na naipatupad, ano ang mangyayari sa ating pamayanan?
A. Magkakaroon ng maunlad na pamumuhay ang mga tao na nakatira sa isang maayos na pamayanan.
B. Magkakaroon ng kaguluhan sa ating pamayanan
C. Maghihirap ang mga tao sa pamayanan.
D. Marami ang mga taong magiging tamad,

40. Tuwing Brigada Eskwela ako ay pumupunta sa paaralan dahil _________
A. nararapat lamang na tumulong sa paglilinis sa paaralan
B. napipilitan lamang dahil sa clearance
C. naglalaro sa plasa kasama ng mga kaibigan
D. nang-aasar ng kapwa bata para mapaiyak.

Inihanda ni:

MENCHIS S. VILLAMIN
Guro